

NUMERO NG TAGABIGAY _____

**PROGRAMA NG SERBISYONG PANTAGUYOD SA LOOB NG TAHANAN (IHSS)
KASUNDUAN NG TAGABIGAY SA LINGGUHANG TRABAHO AT ORAS NG PAGLALAKBAY**

(Para sa pagkumpleto ng isang tagabigay na nagbibigay ng mga pinahintulutang mga serbisyo sa maraming mga tagatanggap)

PANGALAN NG TAGABIGAY:

NUMERO NG TAGABIGAY:

BAHAGI A. ISKEDYUL SA LINGGUHANG TRABAHO

MGA KINAKAILANGAN NG TAGABIGAY:

- Nililimitahan ng batas ng estado (Kodigo ng Kagalingan at Institusyon Seksyon 12300.4) ang mga tagabigay sa mga programa ng IHSS at Waiver Personal Care Services (WPCS) sa pagtatrabaho ng pinakamataas na lingguhang oras sa pagbibigay ng IHSS at WPCS. Ang tagabigay na nagtatrabaho para sa mas maraming mga tagatanggap ay limitado sa pagbibigay ng 66 na oras bawat lingguhang trabaho.
- Ang pinakamataas na lingguhang trabaho ay hindi kasama ang oras ng palalakbay tulad ng inilalarawan sa Bahagi B ng form na ito. Ang lingguhang trabaho ay magsisimula sa Linggo sa 12:00 a.m. (hatinggabi) at magtatapos sa 11:59 p.m. sa susunod na Sabado.
- Ang mga tagatanggap ay may mga pinahintulutang serbisyo sa bawat buwan at, batay sa batas ng estado, ay limitado sa pagtanggap ng isang itinakdang dami ng mga serbisyong iyon sa bawat linggo. Makakakuha ka ng isang paunawa na nagsasabi sa iyo kung gaano karaming mga pinahintulutang oras ng serbisyo ang natatanggap ng bawat isa sa iyong mga tatanggap sa bawat linggo at buwan. Maaaring hindi ka magtrabaho nang higit pa sa buwanang pinahintulutang oras ng tagatanggap para sa tagatanggap na iyon. Gayunpaman, maaari kang magtrabaho nang higit pa kaysa sa lingguhang pinahintulutang oras ng isang tagatanggap sa ilang mga sitwasyon. Ang isang tagatanggap ay maaaring ayusin ang kanyang mga lingguhang awtorisadong oras, ngunit dapat siyang makakuha ng pag-apruba mula sa county kung ang pagsasaayos ay magresulta sa alinman sa isang tagapagbigay ng trabaho na magtrabaho nang mas maraming oras sa buwan kaysa sa karaniwang trabaho o nagtatrabaho ng higit sa 40 oras sa anumang lingguhang trabaho para sa kanya (kung kailan, siya ay awtorisado na makatanggap ng 40 oras o mas kaunti sa mga serbisyo sa isang lingguhang trabaho).
- Responsibilidad mo bilang isang tagabigay na:
 - Tiyaking ang kabuuang pinagsamang oras na nagtatrabaho ka na nagbibigay ng mga awtorisadong serbisyo para sa lahat ng mga tagatanggap na iyong pinagtatrabahuhan sa isang linggo ay hindi hihigit sa 66 na oras sa isang lingguhang trabaho.
 - Tiyaking ang mga oras na nagtatrabaho ka sa pagbibigay ng mga serbisyo sa alinman sa iyong mga tagatanggap ay hindi hihigit sa lingguhang pinahintulutang oras ng tagatanggap, maliban kung ang mga oras ay naayos ng tama.

NUMERO NG TAGABIGAY _____

- Tiyaking kung ang isa sa iyong mga tagatanggap ay inaayos ang kanilang lingguhang pinahintulutang oras para magtrabaho ka ng higit kaysa sa karaniwang awtorisadong oras, na magtrabaho ka nang mas kaunting oras sa nakaraan o sa huling linggo upang matiyak na hindi ka nagtatrabaho nang higit sa kanyang buwanang pinahintulutang oras o nagtatrabaho ng higit na overtime sa buwan kaysa sa karaniwan mong ginagawa.
- Kung nagsumite ka ng isang timesheet kung saan nilalabag mo ang iskedyul ng lingguhang trabaho sa alinman sa mga sumusunod na paraan, makakatanggap ka ng paglabag:
 - Nagtatrabaho ka ng higit sa 40 oras sa isang lingguhang trabho nang walang pag-apruba ng county para sa isang tagatanggap kung siya ay pinahintulutan ng 40 oras o mas kaunti sa isang lingguhang trabaho;
 - Nagtatrabaho ka ng maraming oras para sa isang tagatanggap kaysa sa pinahintulutan oras niya sa isang lingguhang trabaho, na walang pag-apruba ng county at nagiging sanhi sa iyo na magtrabaho nang mas maraming oras sa buwan kaysa sa karaniwan ginagawa;
 - Nagtatrabaho ka para sa maraming tagatanggap at nagtatrabaho nang higit sa 66 na oras sa isang lingguhang trabaho; Nag-claim ka ng higit sa pitong oras na oras ng paglalakbay (tingnan ang Bahagi B ng kasunduang ito).
- Kung nilabag mo ang iskedyul ng lingguhang trabaho sa alinman sa mga paraan na inilarawan sa itaas, makakatanggap ka ng mga sumusunod:

Unang Paglabag	<ul style="list-style-type: none"> • Ikaw at ang iyong (mga) tagatanggap ay makakakuha ng isang paunawa ng paglabag na may impormasyon ng karapatan sa apela.
Pangalawang Paglabag	<ul style="list-style-type: none"> • Ikaw at ang iyong (mga) tagatanggap ay makakakuha ng isang pangalawang paglabag, at magkakaroon ka ng opsyon na kumpletuhin ang isang beses na pagsasanay tungkol sa mga limitasyon sa lingguhang trabaho at oras ng paglalakbay. Kung pinili mong makumpleto ang pagsasanay, maiiwasan mo ang pangalawang paglabag. • Kung pinili mong hindi kumpletuhin ang pagsasanay sa loob ng 14 na araw ng kalendaryo mula sa petsa ng paunawa, bibigyan ka ng isang paunawa sa iyong pangalawang paglabag na may impormasyon ng karapatan sa apela.
Pangatlong Paglabag	<ul style="list-style-type: none"> • Ikaw at ang iyong (mga) tagatanggap ay makakakuha ng isang pangatlong paglabag na may impormasyon ng karapatan sa apela. • Sususpindihin ka bilang isang tagabigay ng IHSS sa programa ng IHSS sa loob ng tatlong buwan.
Pang-apat na Paglabag	<ul style="list-style-type: none"> • Ikaw at ang iyong (mga) tagatanggap ay makakakuha ng isang pang-apat na paglabag na may impormasyon ng karapatan sa apela. • Magtatapos ka bilang isang tagabigay ng IHSS sa programa ng IHSS sa isang taon.

NUMERO NG TAGABIGAY _____

MGA TAGUBILIN: Kailangan mong makumpleto ang tsart sa ibaba upang matulungan kang planuhin ang iyong iskedyul sa trabaho. Ang iyong iskedyul ay dapat isama ang mga serbisyong ibinigay sa lahat ng mga tagatanggap na iyong pinagtatrabahuhan at hindi dapat higit sa 66 na oras sa anumang lingguhang trabaho. Sasabihan ka ng bawat pinakamataas na lingguhang oras ng iyong mga tagatanggap sa Paunawa ng Tagabigay ng Mga Pinahintulatang Oras at Mga Serbisyo ng Tagatanggap, (form SOC 2271). Kung mayroon kang higit sa dalawang mga tagatanggap, ilakip ang mga karagdagang papel.

1. Sa Hanay A, isulat ang **pangalan** ng bawat tagatanggap na binigyan mo ng awtorisadong serbisyo sa IHSS.
2. Sa Hanay B, isulat ang **numero ng kaso** ng bawat tagatanggap na nakalista sa Hanay A.
3. Sa Hanay C, isulat ang **petsa ng pagsisimula** kung saan ka nagsimulang magtrabaho para sa bawat tagatanggap na nakalista sa Hanay A.
4. Sa Hanay D, isulat ang **tirahan** ng bawat tagatanggap na nakalista sa Hanay A.
5. Sa Hanay E, isulat ang kabuuang bilang ng oras bawat araw (para sa bawat araw ng linggo) na nagtatrabaho ka o nagplano sa pagbibigay ng mga awtorisadong serbisyo ng IHSS para sa bawat tagatanggap na nakalista sa Hanay A.
6. Para sa Hanay F, idagdag ang kabuuang bilang ng oras mula sa bawat araw sa Hanay E na nagtatrabaho ka o nagplanong magtatrabaho sa pagbibigay ng mga awtorisadong serbisyo ng IHSS para sa bawat tagatanggap na nakalista sa Hanay A at isulat ang kabuuang bilang ng mga oras para sa linggo para sa bawat tagatanggap sa Hanay F.
7. Sa ilalim ng Hanay F, idagdag ang kabuuang bilang ng oras na nagtatrabaho o planong magtatrabaho sa pagbibigay ng awtorisadong IHSS para sa lahat ng iyong mga tagatanggap bawat linggo.

A	B	C	D			E						F	
Pangalan ng Tagatanggap	Numero ng Kaso ng Tagatanggap	Petsa ng Pagsisimula	Tirahan ng Tagatanggap			Kabuuang Bilang ng Oras na Nagtatrabaho o Planong Magtatrabaho						Kabuuang Oras	
			Kalye	Lungsod	Zip Code	Lin.	Lun.	Mar.	Miy.	Huw.	Biy	Sab.	
KABUUANG ORAS NA NAGTRATRABAHO O PLANONG MAGTRABAHO SA PAGBIBIGAY NG MGA PINAHINTULUTANG SERBISYO PARA SA LAHAT NG TAGATANGGAP:													

NUMERO NG TAGABIGAY _____

BAHAGI B. ORAS NG PAGLALAKBAY**MGA KINAKAILANGAN NG TAGABIGAY:**

- Kung naglalakbay ka mula sa lokasyon ng isang tagatanggap patungo sa lokasyon ng isa pang tagatanggap sa parehong araw ng trabaho upang magbigay ng mga serbisyo ng IHSS sa parehong mga tagatanggap, maaari kang mabayaran para sa oras ng paglalakbay, ngunit ang oras na iyon ay hindi maaaring higit sa pitong oras bawat lingguhang trabaho. Ang pitong oras na ito ay bilang karagdagan sa 66 na oras.
- Upang mabayaran para sa oras ng paglalakbay na iyon, dapat kang direktang maglakbay mula sa lokasyon ng isang tatanggap patungo sa lokasyon ng ibang tatanggap nang hindi tumitigil. Kung huminto ka lamang sa maikling panahon papunta sa lokasyon ng iyong pangalawang tagatanggap, tulad ng punan ang iyong tangke ng gas sa isang istasyon, ikaw ay isinasaalang-alang pa ring direktang naglalakbay. Gayunpaman, kung titigil ka upang magsagawa ng personal na negosyo o kung bumalik ka sa iyong sariling tahanan, maaari ka lamang mabayaran para sa oras na magagawa nitong maglakbay sa pagitan ng dalawang lokasyon kung saan ang mga serbisyo ay ibinibigay nang walang mga personal na paghinto.
- Kung ang iyong kabuuang tinantyang lingguhang oras ng paglalakbay ay higit sa pitong oras, kakailanganin mong ayusin ang iyong iskedyul sa trabaho upang ang iyong oras ng paglalakbay ay mas mababa sa pitong oras.

Plano mo bang maglakbay mula sa isang lokasyon kung saan nagbibigay ka ng mga pinahintulatang serbisyo patungo sa ibang lokasyon kung saan nagbibigay ka ng awtorisadong serbisyo sa ibang tagatanggap nang direkta sa parehong araw?

OO HINDI

Kung sumagot ka ng HINDI, hindi mo kailangang kumpletuhin ang Bahagi B, dumiretso sa BAHAGI C.

NUMERO NG TAGABIGAY _____

BAHAGI B MGA TAGABULIN: Dapat mong kumpletuhin ang seksyong ito upang matulungan kang planuhin ang oras ng paglalakbay na maaari kang bayaran para sa gayon ang iyong kabuuang lingguhang oras ng paglalakbay ay hindi hihigit sa 7 oras. Dahil naglalakbay ka, maaaring kinakailangan para sa iyo na magbigay ng patunay ng oras at mileage.

1. Sa Hanay A sa susunod na pahina, isulat ang (mga) pangalan ng tagatanggap na iyong panggagalingan.
2. Sa Hanay B sa susunod na pahina, isulat ang (mga) pangalan ng tagatanggap na iyong pupuntahan.
3. Sa Hanay C sa susunod na pahina, isulat ang petsa na nagsimula kang maglakbay mula sa lokasyon ng tagatanggap sa Hanay A hanggang sa lokasyon ng tagatanggap sa Hanay B upang magbigay ng mga awtorisadong serbisyo.
4. Sa Hanay D sa susunod na pahina, isulat kung gaano kalayo (sa milya) ang kinakailangan upang maglakbay nang direkta mula sa lokasyon ng isang tagatanggap hanggang sa lokasyon ng susunod na tagatanggap.
5. Sa Hanay E sa susunod na pahina, isulat kung gaano katagal (sa ilang minuto) ang tinantya mong kinakailangan na maglakbay nang direkta mula sa lokasyon ng isang tagatanggap patungo sa lokasyon ng susunod na tagatanggap.
6. Sa Hanay F sa susunod na pahina, isulat kung gaano karaming mga araw bawat lingguhang trabaho na plano mong maglakbay mula sa lokasyon ng isang tagatanggap patungo sa lokasyon ng isa pang tagatanggap sa parehong araw?
7. Sa Hanay G sa susunod na pahina, i-multiply ang oras na iyong tinantya na kinakailangan upang maglakbay nang direkta mula sa lokasyon ng isang tagatanggap patungo sa lokasyon ng susunod na tagatanggap (Hanay E) sa bilang ng mga araw na maglalakbay ka sa pagitan ng mga lokasyon ng mga tagatanggap sa bawat lingguhang trabaho (Hanay F) upang maipahiwatig ang iyong kabuuang oras ng paglalakbay sa pagitan ng dalawang lokasyon ng mga tagatanggap (Hanay A at B).
8. Pagsamahin ang kabuuan ng lahat ng oras na nakalista sa mga linya sa Hanay G at isulat ang kabuuan sa ilalim ng Hanay G.

NUMERO NG TAGABIGAY _____

A		B	C	D	E	F	G
Pangalan ng mga Tagatanggap na Paglalakbayan Mo		Petsa ng Pagsisimula	Layo sa Pagitan ng Lokasyon ng mga Tagatanggap (sa milya)	Tinanyang Oras ng Paglalakbay sa Pagitan ng Mga Lokasyon ng mga Tagatanggap (sa mga minuto)	Bilang ng Mga Araw na Ikaw ay Maglalakbay sa Pagitan ng Mga Lokasyon ng mga Tagatanggap sa Bawat Lingguhang Trabaho	Kabuuang Tinanyang Oras ng Paglalakbay sa Pagitan ng Mga Lokasyon ng mga Tagatanggap sa Bawat Lingguhang Trabaho (Han. E x Han. F)	
Mula sa	Patungo sa						

KABUUNANG TINANYANG ORAS NG PAGLALAKBAY SA BAWAT LINGGUHANG TRABAHO:

Paano ka maglalakbay sa pagitan ng mga lokasyon ng tagatanggap?
 KOTSE* PAMPUBLIKONG SASAKYAN IBA PA Tukuyin:

** Kung magmamaneho ka sa iyong sarili upang maglakbay sa pagitan ng mga tagatanggap, dapat kang magkaroon ng isang wastong lisensya sa pagmamaneho sa California at katibayan ng seguro, at ang sasakyan na ginagamit ay dapat magkaroon ng kasalukuyang pagpaparehistro. Kung wala kang wastong lisensya sa pagmamaneho sa California, patunay ng seguro, o kasalukuyang pagpaparehistro ng sasakyan, hindi ka pinahihintulutan na magmaneho ng sasakyan. Dapat kang pumili ng ibang anyo ng transportasyon, tulad ng pampublikong sasakyan. Kung pinili mong magmaneho sa iyong sarili at may negatibong pagbabago sa katayuan ng iyong legal na karapatang magmaneho ng sasakyan (hal., ang lisensya sa pagmamaneho sa California, seguro sa sasakyan, o pagrerehistro ng sasakyan ay mag-expire o hindi na wasto), dapat mong ipaalam sa iyong tatanggap at pumili ng ibang anyo ng transportasyon. Kung nabigo mong ipaalam sa iyong tagatanggap ang pagbabagong ito sa katayuan, ikaw ay isasaalang-alang na lumabag sa mga kinakailangan sa programa ng IHSS at maaaring wakasan ng iyong tagatanggap.*

NUMERO NG TAGABIGAY _____

BAHAGI C. KASUNDUAN NG TAGABIGAY

Ipinapahayag ko na nabasa at naiintindihan ko ang mga kinakailangan tulad ng nakasaad sa dokumentong ito at sumasang-ayon ako na sumunod sa mga kinakailangang ito. Ipinapahayag ko pa na ang lahat ng impormasyong ibinigay ko sa form na ito ay totoo at tama sa abot ng aking kaalaman. Sumasang-ayon ako na ipaalam sa county sa loob ng 10 araw ng kalendaryo kung ang alinman sa impormasyong aking ibinigay sa Kasunduan ng Tagabigay sa Lingguhang Trabaho at Oras ng Paglalakbay na ito ay magbago, at depende sa kung ano ang impormasyon ay nagbago, maaaring kailanganin akong kumumpleto ng isang bagong SOC 2255.

LAGDA NG TAGABIGAY:

PETA:

LIMBAG NA PANGALAN NG TAGABIGAY:

FOR COUNTY USE ONLY

WORKER NAME:

DATE:

ESTIMATED TRAVEL TIME REVIEWED: YES NO

SOURCE USED TO VERIFY TRAVEL TIME:

NOTES: